# Transparency pangako ni QC VM Joy B.

Isang transparent government at pauusbungin ang kultura ng accountability at openness sa lokal na pamahalaan ang paiiralin ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte kung sakaling maluklok bilang alkalde ng lungsod.

"Hindi ako naniniwala na dapat may tinatago tayo sa mga mamamayan natin.Para sa akin, dapat alam ng taumbayan lahat ng mga batas at mga pinaglalaanan ng budget ng lokal na pamahalaan sa gayon, maging maalam sila kung maayos bang napamumunuan ang ating lungsod", wika ni Belmonte.

Inihayag pa ni Belmonte na kapag naging alkalde ay gagawin niyang accessible online ang budget ng lungsod para makita ng mga mamamayan kung gaano kalaki ang pondo para sa isang sektor at kung tunay bang nararamdaman ng sektor na iyon ang budget na inilaan para sa kanila.

Dito, anya nagsisimula ang tinatawag na good governance na kapag may ugnayan ang mamamayan at pamahalaan ay makatatanggap siya ng feedback sa publiko na bibigyan ng agarang solusyon at sapat na serbisyo.***- Angie dela Cruz-***